




Buod

Survey sa Planong Pagpapagaan sa Panganib sa Maramihang Hurisdiksyon (Multi-Jurisdictional Hazard Mitigation Plan, MJHMP)

Bilang bahagi ng Update sa Pagpapagaan sa Panganib sa Maramihang Hurisdiksyon ng County ng Santa Clara (County), ibinigay sa komunidad ang isang online na survey. Nakatanggap ang County ng 575 na tugon sa mga tanong na nauugnay sa mga karanasan, kaalaman, at alalahanin ng komunidad sa mga panganib sa rehiyon. Ibinubuod ng mga sumusunod ang mga resulta ng survey.


Demograpiko

Inilalarawan ng sumusunod na seksyon ang mga katangiang sosyo-demograpiko ng mga tumugon sa survey. Maaring kapaki-pakinabang ang impormasyong ito para sa County upang maunawaan kung umaabot sila sa kumakatawan na sample ng mga residente ng County.




Larawan 1. Tirahan

Gaya ng inilalarawan sa Larawan 1, 46 porsiyento ng mga tumugon ay mula sa Lungsod ng Palo Alto, San Jose, o Santa Clara.



Larawan 2. May-ari vs inuupahan




Larawan 3. Kabuuang taunang kita ng sambahayan

Mahigit 85 porsiyento ng mga tumugon ang nagmamay-ari ng kanilang sariling tahanan (Larawan 2) at 57 porsiyento ng mga tumugon ang nag-ulat ng taunang kita ng sambahayan na mas higit sa \$115,000 (Larawan 3). Ayon sa Sensus sa U.S., ang median na kita ng sambahayan sa County ng Santa Clara ay \$153,792 noong 2022. Habang lumilitaw na kinakatawan ng mga tumugon ang median na kita para sa rehiyon, maaaring siyasatin pa ng County ng Santa Clara kung ganap na kinakatawan ng survey ang sosyo-demograpiko ng komunidad.


Pangunahing nagsasalita ng Ingles ang mga tumugon, kung saan kinakatawan din ang Tsino, Tagalog, Vietnamese, Espanyol, Koreano, Khmer, Konkani, French, Gujarati, at Bengali.

Kamalayan sa Likas na Panganib


Inilalarawan ng seksyong ito ang kamalayan ng tumugon sa survey kaugnay sa potensyal na mga panganib sa malapit sa kanilang tinitirhan. Maaaring gamitin ng County ang impormasyon sa pagtulong sa pag-target sa komunikasyon na kaugnay sa mga panganib na nauugnay sa komunidad.




Larawan 4. Kamalayan sa panganib nang lumipat sa tirahan



Larawan 5. Kamalayan sa floodplain ng FEMA



Larawan 6. Kamalayan sa fault ng lindol



Larawan 7. Kamalayan sa wildfire


Bagama't alam ng tinatayang 2/3 ng mga residente na nasa o malapit sila sa isang itinalaga ng FEMA na floodplain, "Hindi Sigurado" ang natitirang 1/3 ng tumugon (Larawan 5). Umiiral ang parehong pattern para sa kamalayan sa mga fault ng lindol (Larawan 6) at mas mababa ang para sa wildfire (Larawan 7). Dahil hindi nakatanggap ng impormasyon ang malaking bahagi ng mga tirahan kaugnay sa mga potensyal na natural na panganib sa malapit sa kanilang mga tirahan sa oras ng paglipat nila (Larawan 4), maaaring makinabang ang komunidad mula sa komunikasyon na nagtuturo sa kanila tungkol sa lokasyon ng mga natural na panganib sa County ng Santa Clara.

Isinaad ng mga tumugon na sa nakalipas na 20 taon, naapektuhan na sila ng maraming mga natural na kaganapan sa peligro kabilang ang matinding init, baha, wildfire at pangit na kalidad ng hangin, mga atmosperikong ilog, hamog, yelo at mga snowstorm, pandemya, lindol, at terorismo.


Mga Alalahanin sa Likas na Panganib

Binubuod ng seksyong ito ang antas ng pag-aalala ng mga tumugon sa survey para sa mga partikular na likas na panganib.

Pagbabago sa Presipitasyon at Temperatura




Larawan 8. Antas ng pag-aalala para sa tagtuyot



Larawan 9. Antas ng pag-aalala para sa mas maiinit na temperatura

Ang mga tumugon ay nagpahayag ng mataas na antas ng pag-aalala para sa mga kondisyon ng tagtuyot at potensyal na mas maiinit na temperatura sa hinaharap. Bagama't maaring bumaba na ang mga kondisyon ng tagtuyot bilang resulta ng mas maulan na panahon sa huling bahagi ng 2023 at unang bahagi ng 2024, ang pagtitipid ng tubig ay isa pa ring mahalagang diskarte upang makaiwas sa tagtuyot. Sumasalamin ang pag-aalala sa mas maiinit na temperatura sa mga matinding init na naganap sa Estado at sa County ng Santa Clara sa nakalipas na dekada.


Mga Panganib ng Lindol




Larawan 10. Antas ng pag-aalala para sa lindol

Dahil nagpahiwatig ang mahigit sa 2/3 ng mga tumugon na nakatira sila malapit sa isang fault ng lindol (Larawan 6), ang antas ng pag-aalala sa isang kaganapan ng lindol na nagaganap ay tumutugma sa lokasyon ng residente tulad ng ipinapakita sa Larawan 10.

Mga Panganib ng Baha




Larawan 11. Antas ng pag-aalala para sa pagkasira ng dam o levee




Larawan 12. Antas ng pag-aalala para sa pagbaha

Karaniwang hindi gaanong nag-aalala ang mga tumugon kaugnay sa pagkasira ng dam o levee. Ang mga "Lubos na Nag-aalala" kaugnay sa pagbaha ay naninirahan sa buong County. Dahil ang mga lugar sa loob at timog ng Lungsod ng Gilroy ay nasa loob ng 100-taon at 500-taong pagbaha ng FEMA, maaring bigyang-diin ng County ang komunikasyon at edukasyon sa mga residente at negosyo sa lugar na ito.

Wildfire at mga Kaugnay na Panganib ng Usok




Larawan 13. Antas ng pag-aalala para sa wildfire




Larawan 14. Antas ng pag-aalala para sa usok at pangit na kalidad ng hangin

Nagbigay ang mga tumugon ng maraming mga alalahanin kaugnay sa wildfire (Larawan 13). Naaayon ito sa kamalayan sa panganib ng wildfire sa kanilang mga tirahan (Larawan 7). Ang pag-aalala sa pangit na kalidad ng hangin na nauugnay sa usok ng wildfire ay mataas anuman ang lokasyon ng tumugon sa county (Larawan 14). Dahil hindi gaanong napipigilan ng heograpiya ang usok ng wildfire, naaayon ang antas ng pag-aalala sa banta.

Tindi at Dalas ng mga Mapanganib na Pangyayari



Larawan 15. Antas ng pag-aalala para sa tumaas na kalubhaan ng mga mapanganib na kaganapan



Larawan 16. Antas ng pag-aalala para sa tumaas na dalas ng mga mapanganib na kaganapan

Gaya ng inilalarawan sa Larawan 15 at Larawan 16, ang karamihan ng mga tumugon ay nag-aalala kaugnay sa pagtaas ng kalubhaan at dalas ng mga mapanganib na kaganapan. Ang mga tumugon na nag-aalala tungkol sa pagtaas ng kalubhaan ay ang parehong mga tumugon na nag-aalala kaugnay sa pagtaas ng dalas.

Pagpapalano para sa Panganib (County)

Bagama't sa pangkalahatan ay hindi gaanong nalalaman ng mga tumugon ang tungkol sa mga proyektong pagpapagaan sa kanilang komunidad (13 porsyento ang nakakaalam), sinusuportahan ng mga tumugon ang pagpapalano at pagpapatupad ng mga aksyon na pagpapagaan ng panganib upang mabawasan ang pagkawala ng buhay at ari-arian mula sa mga kaganapan ng sakuna sa hinaharap, kabilang ang:

Paghahanda at Pagpapalano

- Pagbuo ng mga grupo sa komunidad na susuporta sa mga nanganganib na populasyon bago, habang, at pagkatapos ng kaganapan ng sakuna
- Pagsasama sa mga pagsasaalang-alang sa equity sa mga priyoridad na proyektong pagpapagaan ng panganib
- Pagpopondo sa mga pag-aaral upang maunawaan ang panganib at makabuo ng mga rekomendasyon para sa pagpapagaan
- Pagdaraos ng mga pampublikong event na pang-edukasyon/pakikipag-ugnayan hinggil sa pagpapagaan
- Pagbabahagi sa draft ng Plano sa Pagpapagaan ng Panganib sa pamamagitan ng social media para sa komento ng publiko
- Pagbibigay-prioridad sa mga paulit-ulit na istruktura ng pagkawala kapag pinopondohan ang mga proyekto sa pagpapagaan ng panganib kabilang ang pagkuha, relokasyon, at muling pagbalangkas ng pagpapagaan
- Pagbibigay ng mga kritikal na pasilidad na may pang-emergency na mapagmumulan ng kuryente

Tagtuyot

- Pagkilala sa mga alternatibong suplay ng tubig para sa mga panahon ng tagtuyot
- Pagsasama ng mga halamang hindi naaapektuhan ng tagtuyot sa pampublikong landscaping
- Pagsasama ng mga halamang hindi naaapektuhan ng tagtuyot sa pampublikong landscaping

Lindol

- Pagsasagawa ng panglindol na pampatibay para sa mga kritikal na pampublikong pasilidad na pinakananganganib sa lindol 2
- Pagsuporta sa mga pinansyal na insentibo tulad ng mga pautang na mababa ang interes para sa mga may-ari ng bahay o negosyo na nagpapatibay sa kanilang mga istruktura upang mabawasan ang panganib
- Pagbibigay ng teknikal na impormasyon at gabay sa publiko sa gusali sa mga lugar na may panganib sa landslide
- Pagpapatibay sa mas mataas na mga pamantayan sa regulasyon para sa bagong itatayo sa loob ng hindi matatag na mga lugar ng dalisdis

Malubhang Lagay ng Panahon

- Pagtabas sa mga puno sa mga linya ng kuryente upang mabawasan ang potensyal na matinding epekto ng bagyo
- Paggawa ng mga makakalikasang pamamaraan ng pagbabawas ng epekto ng heat island sa mga urban na lugar

Wildfire + Usok

- Pagiging isang matalino sa sunog na komunidad
- Paglikha at pagpapanatili ng mapagtanggol na espasyo sa paligid ng mga istruktura at imprastruktura upang mabawasan ang panganib ng wildfire

Baha

- Pagpapatibay at pagpapatupad ng mas mahigpit na mga pamantayan ng gusali, tulad ng pag-aatas ng karagdagang taas ng mga ari-arian sa mga nanganganib sa baha na lugar
- Pagpapatibay o paglilipat ng mga kritikal na pasilidad sa mga lugar na nababaha ng pagpalya ng dam
- Pagsuporta sa paggamit ng lupaing nasa bukas na espasyo bilang paraan upang mabawasan ang peligrong mula sa mga panganib na tulad ng pagbaha
- Paggamit sa pagmapa ng tsunami upang magabayan ang pag-unlad palayo sa mga lugar na mataas ang peligro
- Pagsasaalang-alang sa natitirang panganib na nauugnay sa mga dam sa hinaharap na mga desisyon sa paggamit ng lupa

Pagbabawas ng Panganib (Indibidwal)

Bukod pa rito, 17 porsiyento ng mga tumugon ang gumawa ng aksyon upang mabawasan ang mga panganib sa kanilang ari-arian. Pangunahing inilaan ang mga pagkilos na ito para mabawasan ang mga panganib sa wildlife (hal., pamamahala ng brush at puno), mabawasan ang pagkonsumo ng tubig (hal., paglalagay ng mga halaman na nabubuhay sa tagtuyot, o mga panganib sa lindol (hal., mga pagpapatibay para sa lindol). Humigit-kumulang 15 porsiyento ng mga tumugon ang nagpahiwatig ng interes na matuto nang higit pa tungkol sa mga potensyal na pagkilos para sa pagpapagaan ng panganib.